

OPISYAL NA PAHAYAG

Disyembre 18, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Nakipagsosyo ang Lungsod sa mga Lokal na Ospital upang Ipamahagi ang Unang Pagpapabakuna sa Long Beach

Long Beach, CA - Ngayon, inihayag ng Lungsod ng Long Beach na nagsimula na ang pagbabakuna ng COVID-19 sa mga frontline na manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan. Si Brandon Gatling, isang rehistradong nars sa Long Beach Memorial Medical Center, ay kabilang sa mga una sa Long Beach na tumanggap ng bakunang nakapagliligtas ng buhay. Nagsisilbi siya bilang isang klinikal nars lead na tumutulong sa mga pasyente ng COVID-19, inilalagay siya sa Tier 1 ng Phase 1a sa [plano ng pag-rollout ng bakuna ng Lungsod](#), na kinabibilangan ng mga acute care na mga ospital, mga bihasang pasilidad sa pag-aalaga, mga paramediko at mga EMT at mga sentro ng dialysis. Ang dosis ay una sa dalawang-dosis regimen upang maprotektahan laban sa virus.

“Ang mga bakuna ay nagbibigay sa atin ng pag-asa upang matalo ang COVID-19” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ngunit kailangan din natin magpatuloy na sumunod sa mga utos ng kalusugan, manatili sa bahay hangga’t maari at magsuot ng ating mga panakip ng mukha.”

Ang mga bakuna ay may mahalagang papel sa pagpapanatiling malusog isang indibidwal sa pamamagitan ng paghahanda ng resistensya ng katawan upang makilala ang mga mikrobyo at labanan ang impeksyon. Ang impormasyong nauugnay sa bakuna sa COVID-19 at ang plano sa pag-rollout ng bakuna ay matatagpuan sa [website](#) ng Lungsod.

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao (Kagawaran ng Kalusugan) ay namamahala sa proseso ng pamamahagi ng bakuna alinsunod sa patnubay mula sa

Centers for Disease Control (CDC) at ng Estado at nakikipagtulungan nang malapit sa mga ospital sa lugar upang mapabilis ang pamamahagi.

Late last week, the Food and Drug Administration approved the Emergency Use Authorization (EUA) for the Pfizer vaccine and doses of the vaccine were rapidly shipped throughout the country. Long Beach will receive up to 3,900 doses of the Pfizer vaccine and officials expect up to 11,600 doses of the Moderna vaccine will follow. Sa dulo ng nakaraang linggo, inaprubahan ng Food and Drug Administration ang Emergency Use Authorization (EUA) para sa bakunang Pfizer at dosis ng bakuna ay mabilis na naipadala sa buong bansa. Makakatanggap ang Long Beach ng hanggang sa 3,900 dosis ng bakunang Pfizer at inaasahan ng mga opisyal na hanggang 11,600 na dosis ng bakunang Moderna ang susunod.

“Kami ay maasahin sa positibong epekto na maidudulot ng mga bakuna sa kalaunan, ngunit higit sa lahat na sa ngayon ay patuloy na magsuot ng mga panakip ng mukha, magsanay ng pisikal na pagdidistansya, madalas na maghugas ng kamay at umiwas sa mga pagtitipon upang mabawasan ang pagkalat ng virus hanggang sa makakuha kami ng sapat na mga taong nabakunahan upang makita ang buong epekto, sabi ng Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod ng Long Beach sa si Dra. Anissa Davis.

Ang pangangasiwa ng bakuna sa pangkalahatang publiko ay inaasahan sa unang bahagi ng tag-init ng 2021.

Ang COVID-19 ay patuloy na kumakalat sa Long Beach at ang sinumang nakakaranas ng mga sintomas o na-expose na sa virus ay hinihikayat na kumuha ng pagsusuri. Ang mga pagsusuri ay maaaring ma-iskedyul [online](#) o sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng impormasyon ng Lungsod, 562.570.INFO (4636), sa pagitan ng 9 a.m. at 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes. Ang mga appointment ay kinakailangan at maaaring gawin nang hanggang tatlong araw nang mas maaga.

Hanggang noong Disyembre, 18, 24,622 na mga residente ng Long Beach ay nagkaroon ng positibong resulta sa COVID-19. Humigit kumulang 18,219 ang nakabawi at 311 residente ang namatay mula sa virus.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###